Mabilis na pagsusuri sa pag-screen

Programa sa paaralan

Impormasyon para sa mga magulang, mag-aaral at kawani ng paaralan

Mabilis na pagsusuri sa pag-screen sa paaralan

Ang programang mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay lumalawak sa maraming mga paaralan at rehiyon. Ang pagscreen sa mga mag-aaral at kawani ay mapapabilis ang pagkilala sa mga taong walang sintomas na maaaring may COVID-19.

Ito’y nakakapagbigay alam sa mga mag-aaral at kawani na ihiwalay ang sarili nang mas maaga at makakatulong na mabawasan ang pagkalat ng virus.

Ang mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay isa pang magagamit, kasama ang mga hakbang sa kalusugan na nakalagay na sa mga paaralan, upang mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral at kawani.

Pipiliin ang mga paaralan batay sa iba't ibang mga kadahilanan, kabilang ang kung gaano kalaganap ang mga kaso ng COVID-19 sa isang paaralan o pamayanan.

Pahintulot

Opsyonal ang pagsubok para sa mga kawani at mag-aaral. Ang pirmadong form ng pahintulot ay kinakailangan para sa pagsusuri.

Mga hakbang

Ang mga paaralan na kasali sa programa ang magsasabi sa inyo sa mga petsa ng mabilis na pagsusuri sa pag-screen. Ang isang pangkat ng mga propesyonal sa kalusugan ay nasa inyong paaralan sa oras ng pag-aaral upang mag-alok ng mga pagsubok para sa mga walang sintomas ng COVID-19 at hindi malapit na nakipag-ugnay sa isang kumpirmadong kaso. Ang mga taong nakahiwalay o nasa kuwarentenas na malayo sa paaralan ay hindi makakakuha ng isang pagsubok.

Ang mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay maaaring ialok sa paaralan hanggang sa dalawang beses, humigit-kumulang isang linggo ang agwat. Sa ganitong paraan maaring madagdagan ang pagkakataong makilala ang maraming tao na kailangang ihiwalay nang maaga hangga't maaari.

Pagkuha ng mabilis na pagsusuri sa pag-screen

Ang isang propesyonal sa kalusugan ay magpapasok ng isang pamunas sa loob ng ilong. Susuriin ang pamunas upang makilala kung ang tao ay maaaring mayroong COVID-19.

©2021 Government of Alberta | Published April 13, 2021

Classification: Public

Ang pamunas sa loob ng ilong na ginagamit sa mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay karaniwang mas komportable at hindi gaanong nakakairita kaysa sa pamunas na karaniwang ginagamit para sa COVID-19 sa isang sentro ng pagsubok sa Alberta Health Services (AHS).

Ang mga mag-aaral at kawani ay babalik sa klase habang hinihintay ang mga resulta.

Mga Resulta

Mga negatibong resulta

Walang abiso sa isang negatibong resulta ng mabilis na pagsusuri sa pag-screen.

Ang negatibong resulta ay hindi garantiya na ang isang tao ay walang COVID-19 o hindi mahahawa sa paglaon.

Ang bawat tao'y dapat patuloy na sundin ang lahat ng mga hakbang sa kalusugan ng publiko: paglayo ng pisikal, pagsusuot ng mask, pananatili sa pangkat at paghuhugas ng kamay nang madalas.

Mga positibong resulta

Para sa positibong resulta, ihiwalay ng ligtas ang mag-aaral sa paaralan hanggang sa makipag-ugnay sa mga magulang o tagapag-alaga upang kunin ang kanilang anak.

Kung ang isang kawani ay nakatanggap ng isang positibong resulta ligtas na ihiwalay ang sarili sa paaralan hanggang sa siya ay umalis.

Ang isang positibong resulta sa mabilis na pagsubok ay hindi makumpirma na ang isang tao ay mayroong COVID-19. Tanging isang mas tumpak na pagsubok sa COVID-19 na nakabatay sa lab sa AHS testing site maaaring kumpirmahin ang isang impeksyon sa COVID-19.

Gayunpaman, ang isang taong may positibong resulta sa mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay kinakailangang ihiwalay ang sarili sa loob ng 10 araw mula sa araw na nakumpleto ang kanilang pagsubok maliban kung ang kanilang COVID-19 lab test mula sa AHS ay negatibo.

Ang mga kawani at mag-aaral na may positibong resulta sa mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay dapat mag-book ng appointment para sa pagsubok sa COVID-19 online sa www.ahs.ca/covid o tumawag sa Health Link sa 811 sa lalong madaling panahon.

Malapit na contact

Ang mga malapit na contact ng isang tao na may positibong resulta sa mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay hindi kinakailangan magkuwarentenas hanggang hindi kumpirmahin ng isang pagsubok na AHS ang positibong resulta.

Nakaraang positibong COVID-19 na pagsubok

Kung may nagpositibo sa COVID-19 sa huling 90 araw, **hindi** sila dapat magkaroon ng mabilis na pagsusuri sa pag-screen sa paaralan. Ang ilang mga tao na gumaling mula sa COVID-19 ay maaaring magpakita ng positibong resulta sa mabilis na pagsusuri sa pag-screen hanggang sa 90 araw, kahit na hindi na sila nakakahawa.

Mangyaring **huwag** magbigay ng pahintulot para sa iyong anak na lumahok sa programang ito kung nagpositibo sila sa COVID-19 sa huling 90 araw.

COVID-19 at mga variant

Ang mga pagsubok lamang na nakumpirma sa lab ng AHS ang makakumpirma kung ang isang tao ay mayroong COVID-19 at kung ito ay isang variant na dapat may pag-alala.

Ganap na kawastuan ng mabilis na mga pagsubok

Ang mga mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay hindi tumpak tulad ng mga pagsubok na nakumpirma ng lab na ginawa sa pamamagitan ng AHS.

Ang posibilidad ng isang taong walang mga sintomas na magkakaroon ng maling positibong

©2021 Government of Alberta | Published April 13, 2021

Classification: Public

resulta mula sa isang mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay mababa.

Gayunpaman ang lahat ng mga positibong resulta mula sa mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay nangangailangan pa ring kumpirmahin ng isang lab ng pagsubok sa AHS.

Ang posibilidad ng isang tao na walang mga sintomas na may maling negatibong resulta ay mas mataas. Ang isang negatibong resulta sa isang mabilis na pagsusuri sa pag-screen ay hindi nangangahulugang ang tao ay hindi nahawahan o hindi maaaring maging nakakahawa.

Karagdagang katanungan

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mabilis na programa sa pagsusuri ng paaralan, mangyaring mag-email: EDC.SchoolRapidTesting@gov.ab.ca.
Para sa pinakabagong COVID-19 impormasyon: www.alberta.ca/Covid19

©2021 Government of Alberta | Published April 13, 2021

Classification: Protected A